

<p style="text-align: center;">ENGLISH</p> <p style="text-align: center;">Serious Illness Conversation Guide</p>	<p style="text-align: center;">TAGALOG</p> <p style="text-align: center;">Gabay sa Pagkikipag-usap sa may Malubhang Sakit</p>
<p>SET UP</p> <p>I'd like to talk together about what's happening with your health and what matters to you. Would this be okay?</p>	<p>MAG-SET UP</p> <p>Gusto kong makipag-usap kasama ka tungkol sa mga nangyayari sa iyong kalusugan at kung ano ang mahalaga sa iyo. Ayos lang ba ito sa iyo?</p>
<p>ASSESS</p> <p>To make sure I share information that's helpful to you, can you tell me your understanding of what's going on with your health now?</p>	<p>TASAHIN</p> <p>Para matiyak na magbabahagi ako ng impormasyong makakatulong sa iyo, maaari mo bang sabihin sa akin ang iyong pag-unawa sa mga nangyayari sa iyong kalusugan ngayon?</p>
<p>How much information about what might be ahead with your health would be helpful?</p>	<p>Gaano karaming impormasyon tungkol sa hinaharap ng iyong kalusugan ang magiging kapaki-pakinabang?</p>
<p>SHARE PROGNOSIS</p> <p>I want to share my understanding of where things are with your health: [Choose one]</p> <p>Uncertain: It can be difficult to predict what will happen. I hope you will feel as well as you can for a long time, and we will work toward that goal. It's also possible that you could get sick quickly, and I think it's important that we prepare for that.</p> <p>Time: I wish this was not the case. I am worried that time may be as short as ___ <i>[express as a range: days to weeks, weeks to months, months to a year]</i>.</p> <p>Function: It can be difficult to predict what will happen. I hope you will feel as well as you can for a long time, and we will work toward that goal. It's also possible that it may get harder to do things because of your illness, and I think it's important that we prepare for that.</p> <p>Pause: Allow silence. Validate and explore emotions.</p>	<p>IBAHAGI ANG PROGNOSIS</p> <p>Gusto kong ibahagi ang aking pang-unawa kung ano ang kalagayan ng iyong kalusugan: [Pumili ng isa]</p> <p>Hindi Tiyak: Maaaring mahirap hulaan kung ano ang mangyayari. Umaasa akong magiging mabuti ang pakiramdam mo hangga't maaari sa mahabang panahon, at magsusumikap tayo patungo sa layuning iyon. Posible rin na mabilis kang magkaroon ng sakit, at sa palagay ko mahalagang paghandaan natin iyon.</p> <p>Oras: Sana hindi magiging ganito ang sitwasyon. Nag-aalala ako na ang panahon ay maaaring maging kasing-ikli ng ___ <i>[ipahayag ayon sa haba: ilang araw hanggang ilang linggo, ilang linggo hanggang ilang buwan, ilang buwan hanggang isang taon]</i>.</p> <p>Pagganap: Maaaring mahirap hulaan kung ano ang mangyayari. Umaasa akong magiging mabuti ang pakiramdam mo hangga't maaari sa mahabang panahon, at magsusumikap tayo patungo sa layuning iyon. Posible rin na mas mahirap gawin ang mga bagay dahil sa iyong sakit, at sa palagay ko mahalaga na paghandaan natin iyon.</p> <p>Huminto: Hayaan na maging tahimik. Tanggapin at siyasatin ang mga emosyon.</p>

<p>EXPLORE</p> <p>If your health gets worse, what are your most important goals?</p> <p>What are your biggest worries?</p> <p>What gives you strength as you think about the future?</p> <p>What activities bring joy and meaning to your life that you can't imagine living without?</p> <p>If your health gets worse, how much would you be willing to go through for the possibility of more time?</p> <p>How much do the people closest to you know about your priorities and wishes for your care?</p> <p>Having talked about all of this, what are your hopes for your health?</p>	<p>SIYASATIN</p> <p>Kung lumalala ang iyong kalusugan, ano ang iyong pinakamahalagang layunin?</p> <p>Ano ang iyong pinakamalaking alalahanin?</p> <p>Ano ang nagbibigay sa iyo ng lakas habang iniisip mo ang hinaharap?</p> <p>Anong mga aktibidad ang nagbibigay ng kagalakan at kahulugan sa iyong buhay na hindi mo maiisip na mabubuhay nang wala ang mga ito?</p> <p>Kung lumalala ang iyong kalusugan, gaano ka kahandang pagdaanan ang mas malalang sitwasyon para sa posibleng mas mahabang panahon?</p> <p>Gaano karami ang alam ng mga taong pinakamalapit sa iyo tungkol sa iyong mga priyoridad at kagustuhan para sa iyong pangangalaga?</p> <p>Sa lahat ng napag-usapan natin, ano ang iyong inaasahan para sa iyong kalusugan?</p>
<p>CLOSE</p> <p>I've heard you say _____. Keeping that in mind, and what we know about your health, I recommend that we _____. This will help us make sure that your care plan reflects what's important to you. How does this plan seem to you?</p>	<p>TAPUSIN</p> <p>Narinig kong sinabi mo na _____. Habang isinasaisip iyon, at kung ano ang alam namin tungkol sa iyong kalusugan, inirerekomenda ko na kami ay _____. Makakatulong ito sa amin na matiyak na sumasalamin ang iyong plano sa pangangalaga sa kung ano ang mahalaga sa iyo. Ano ang palagay mo sa planong ito?</p>
<p>We will do everything we can to help you through this.</p>	<p>Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para matulungan kang malagpasan ito.</p>
<p>Handoff to Key Clinicians</p> <p>I talked with the patient about _____.</p> <p>I learned _____.</p> <p>I think they would benefit from talking with you about _____.</p>	<p>Ipasa sa mga Pangunahing Clinician</p> <p>Kinausap ko ang pasyente tungkol sa _____.</p> <p>Nalaman ko na _____.</p> <p>Sa tingin ko ay makikinabang sila sa pakikipag-usap sa iyo tungkol sa _____.</p>

This material has been modified by us. Original content © 2015-2023 Ariadne Labs: A Joint Center for Health Systems Innovation (www.ariadnelabs.org) between Brigham and Women's Hospital and the Harvard T.H. Chan School of Public Health, in collaboration with Dana-Farber Cancer Institute. Licensed under the Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License, <http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/>